

OPISYAL NA PAHAYAG

Setyembre 11, 2020

Pakikipag-ugnay: Richard de la Torre, Opisyal ng Impormasyon sa Komunidad,
Development Services Department, 562.570.7174, Richard.DeLaTorre@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Mga Nangungupahan sa Long Beach Magsisimulang Tumanggap ng Emerhensiyang Tulong sa Renta *Ibibigay ng Programa ang Bayad sa Renta sa mga Maylupa ng mga Kwalipikadong Nangungupahan*

Long Beach, CA - Kasunod sa pag-apruba ng Konseho ng Lungsod ng Programa sa Emerhensiyang Tulong sa Renta, ang Lungsod ay nagsimulang mag-apruba at mag-proseso ng mga bayad sa renta sa ngalan ng mga kwalipikadong nangungupahan na apektado ng COVID-19 pandemya.

“Ang programa na ito ay nagbibigay ng kritikal na ginhawa sa mga nangungupahan at mga maylupa na apektado ng pandemya sa aming lungsod,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang pagbibigay ng suporta sa aming mga residente na pinaka nagangailangan nito ay mas mahalaga ngayon upang matulungan na mapanatili ang ating ekonomiya sa mapaghamong panahon na ito.”

Ang programa, na [nagsimula noong Hulyo](#) at pinangangasiwaan ng Development Services Department ng Lungsod, ay nagbibigay ng hanggang \$1,000 bawat buwan ng mga pagbabayad ng tulong sa renta hanggang sa tatlong buwan sa ngalan ng mga residente ng Long Beach na nawalan ng kita dahil sa COVID-19 at kwalipikado sa pederal na kinakailangan na mababang-kita. Ang Lungsod ay nakatanggap ng higit sa 2,400 na mga aplikasyon sa programa noong Hulyo 27, 2020, ang takdang petsa ng aplikasyon. Mahigit sa 1,700 mga aplikasyon ang napili sa pamamagitan ng proseso ng loteria. Ang mga aplikasyon na ito ay kasalukuyang sinusuri, at ang natitirang mga aplikasyon ay inilagay sa isang listahan ng paghihintay. Ang mga aplikasyon sa listahan ng paghihintay ay maaaring suriin para sa kwalipikasyon kung payagan ng pagpopondo. Ang mga bagong aplikasyon ay hindi na tinatanggap para sa programang ito.

Ang buwanang mga tulong sa pagbabayad ay ibinigay ng direkta sa mga may-ari ng ari-arian o maylupa sa ngalan ng mga kwalipikadong nangungupahan at mailalapat sa pag-upa sa kwalipikadong panahon mula Marso 27, 2020, hanggang sa katapusan ng Utos sa Kalusugan na [Masligtas sa Tahanan](#) ng Lungsod. Ang mga bayad ay mapoproseso sa sandaling maaprubahan ang mga aplikasyon.

“Nananatili kaming nakatuon sa paggawa ng lahat ng aming makakaya upang suportahan ang mga nangungupahan sa Lungsod sa mga hindi inaasahang panahong ito,” sabi ni Oscar Orci, Direktor ng Development Services. “Mula nang magsimula ang Programa sa Emerhensiyang Tulong sa Rentang, ang aming kawani ay nagtatrabaho nang walang pagod upang tulungan ang mga nangungupahan at tumugon ng higit sa 3,800 na mga katanungan ng mga residente.”

Ang programa ay pinondohan ng isang \$3 milyong pederal Community Development Block Grant Coronavirus (CDBG-CV) at \$2 milyon mga pondo sa re-appropriated HOME Investment Partnership Program. Bilang karagdagan, ang Opisina ng Superbisor ng County ng Los Angeles na si Janice Hahn ay nag-ambag ng \$300,000 na pagpopondo para sa programa.

Noong nakaraang buwan, [inaprubahan](#) ng Lungsod ang pangalawang pagpapalawak ng emerhensiyang ordinansa na tumitigil sa pagpapaalis sa mga residensyal at ilang mga komersiyal na nangungupahan. Sa isang kaugnay na pagsisikap, ang Konseho ng Lungsod ay kasalukuyang nagsisiyasat din ng iba’t ibang mga opsiyon sa tulong para sa mga may-ari ng lupa na naapektuhan ng COVID-19, kabilang ang mga pag-refund sa buwis sa ari-arian at ang posibilidad ng isang umiikot na pondo ng pantang.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [website ng Long Beach Development Services](#) at tingnan ang [Mga Rekurso para sa Mga May-ari ng Bahay, Mga Nangungupahan, at Mga Maylupa](#) ng Lungsod.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###